# School Policy ng mga Paaralang Maglalaan ng mga Slots para sa mga Dayuhang Mag-aaral, sa Taong 2025

○Hyogo Prefectural Senior High School na Bagong Tatag sa Kita-ku, Kobe

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran sa Pagpasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| ①Ang mga mag-aaral na aktibong kumilos sa bagong hamon at ipagpatuloy ang magandang pananaw sa pagpapalawak ng kaalaman .<br>②Ang mga mag-aaral na may kakayahan at marunong na kumilos sa pamamaraan na nababatay sa iba't ibang pangyayari,sitwasyon at nakikipagtulungan sa iba't ibang tao, at marunong magisip ng maganda para sa ikakaunlad ng sarili at ng iba.<br>③Bumuo ng mag-aaral na marunong lumikha ng mas magandang lipunan at kultura,may karunungan at kaalaman sa pagharap sa anumang kakaharaping suliranin na dapat malutas. | ①Pagsasagawa ang pagtuturo para sa paglutas ng mga suliranin gamit ang kaalaman at karunungan ng mga mag-aaral sa paghahanda ang sarisaring asignaturang makakapag-ugnay sa siglo 22 at pakikipagtulungan sa pamantasan at dalubhasang institusyon.<br>②Sa unang baitang, payayamanin ang edukasyon kung saan ang mga mag-aaral ay matututo at gamitin ang sariling kakayahan sa pag-aaral lalo na sa napiling asignatura, at makapagpayaman ng kakayahan ng pagpaplano ng sariling pamumuhay habang nagaaral.<br>③Sa pangalawa at pangatlong baitang, payayamanin ang natutunan sa klase at aktibidad na ginawa at grupo ng mga asignatura na pinagaralan upang makaramdam ng ligaya at bunga sa pag-aaral at pananaliksik na ginawa base sa kanilang kakayahan na natutunan sa unang baitang.<br>④Ihahanda ang mga mag-aaral sa makasubok ng kanilang kakayahan na natutunan sa pag-aaral at pananaliksik. At ihahanda rin ang lugar kung saan ang mga mag-aaral ay pwedeng kumilos nang aktibo at masigla para maipakita ang sariling kakayahan.<br>⑤Pauunlarin ang pakikipagugnayan sa iba tungkol sa karapatang pantao at kakayahan ng pakikipag-usap habang nakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao na may naiibang kultura at karanasan sa loob ng aktibidad tulad ng pag-aaral at sariling karanasan. | ①Ang mga mag-aaral na may mithi at marunong na mag-aral nang matiyaga.<br>②Ang mga mag-aaral na marunong makihalubilo nang matapat, gumalang at marunong tumanggap sa isa't isa.<br>③Ang mga mag-aaral na nais tumulong sa tungkulin sa lipunan at makatupad ng tungkuling ito habang nagsisikap sa iba't ibang pag-aaral na katangi-tangi sa paarang ito. |

〇Hyogo Prefectural Ashiya Senior High School

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian<br>(Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran ng Pagpasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| ①Ang mga mag-aaral na marunong na matuto ng makatwirang pag-iisip, magpahalaga sa kasarinlan at kumilos nang malaya at nang naibabagay sa mga pangyayari ay huhubugin.<br>②Ang mga mag-aaral na marunong na humarap sa iba't ibang kahirapan at suliranin nang walang takot sa kabiguan sa panahon kung kailan nagbabago nang mabilis ang iba't ibang bagay ay huhubugin.<br>③Ang mga mag-aaral na marunong na humarap nang masigasig sa suliranin sa lokal na komunidad at magpahayag ng palagay nang kusang-loob ay huhubugin.<br>④Ang mga mag-aaral na nagsasarili at may kadakilaan at marunong na "maging husto sa oras, maglinis ng puwesto at mag-ayos ng kagandahang-asal" ay huhubugin.<br>⑤Ang mga mag-aaral na maingat na mamumuhay upang palaging malusog at ligtas at may ganap na pagkaalam sa pangangasiwa ng panganib ay huhubugin. | ①Ihahanda ang pagkakataon para sa pag-aaral upang paunlarin ang malasakit sa SDGs at mga suliraning panlipunan sa loob at sa labas ng bansang ito.<br>②Isasagawa ang sistema para sa kapaki-pakinabang pag-aaral at pag-aaral base sa karanasan sa pamamagitan ng di-karaniwang asignatura ng paaralang ito at "programang nakikipagtulungan ang Senior High School at pamantasan".<br>③Isasagawa ang pagsisiyasat sa ilalim ng paksang "Isipin ang lipunan galing sa Ashiya" sa "Integrated Research".<br>④Isusulong ang small-group work, pair work at group work upang paunlarin ang nagsasariling pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay may pagpapasimuno.<br>⑤Gagamitin nang wasto ang mga makinang ICT at isasagawa ang pag-aaral upang paunlarin ang kakayahan ng paggamit ng kaalaman at pamamahala ng kaalaman. | ①Ang mga mag-aaral na palaging nagnanais na magsiyasat, matapat na nag-aaral at may tigas ng loob upang paunlarin ang kanilang sarili ay kakalapin.<br>②Ang mga mag-aaral na nagnanais na magtagumpay ang kapwa sarili at ang ibang mga tao, tumanggap at magpaunlad ng isa't isa ay kakalapin.<br>③Ang mga mag-aaral na may ganap na pagkaalam ukol sa kalusugan at kaligtasan at marunong na magsikap upang maging sariling katauhan ay kakalapin. |

○ Kobe Municipal Suma Shofu High School

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian<br>(Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran ng Pagpasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| Mag-aaral na may matibay na kalooban at pagnanais na magkaroon ng papel at maging aktibo sa Lipunan at kominidad.<br>①Mga mag-aaral na may matibay na layunin sa karera at nagsisikap na makamit ito.<br>② Mga mag-aaral na mayaman ang kaisipan at praktikal na kasanayan.<br>③Mga mag-aaral na nakikibahagi at nag-aambag sa lipunan.<br>④Mga mag-aaral na nagpapahalaga sa koneksyon sa kapwa-tao. | Mga mag-aaral na maaaring magsagawa ng mga kaganapan sa paaralan, mga aktibidad sa club, at mga boluntaryong aktibidad bilang mga lider.<br>① Layunin na makapangalap at makabuo ng hahalagang bagay mula sa iba't-ibang kurso sa General Studies, at mapangalagaan ang mga mag-aaral na nais na makapamili at makapag-aral upang maisulong ang hinahangad na maging karera.<br>② Layuning pangalagaan ang mga mag-aaral na magkakaroon ng iba't-ibang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano gumawa ng mga presentation, komunikasyon, magaptakbo ng mga informative device at magkaroon ng iba't-ibang kaalaman.<br>③ Layunin na pangalagaan ang mga mag-aaral na makalikha ng mga timetable sa panahon ng 2nd at 3rd year ayon sa mga layunin sa hinaharap mula sa isang malawak na hanay ng mga elective na kurso ayon sa kanilang hinahangad na maging karera.<br>④ Sa pamamagitan ng edukasyon sa karera, layunin na mapanagalagaan ang mga mag-aaral na maaaring mag-isip kung paano sila mamuhay sa hinaharap. | Mga mag-aaral na may sariling pangarap at pag-asa, at patuloy na kumikilos at nakikipag-ugnayan sa ibang tao upang maisakatuparan ang mga ito.<br>① Mga mag-aaral na may mga adhikain na mapabuti at nag-iisip kung paano mabuhay sa hinaharap.<br>② Mga mag-aaral na nais makipagtulungan upang itaguyod ang mga aktibidad sa komunidad at paaralan.<br>③ Mga mag-aaral na nais umunlad sa pamamagitan ng aktibong pagsali sa iba't-ibang karanasan at pag-aaral.<br>④ Ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa mga aktibidad sa komunidad at paaralan at bumuo ng mas mahusay na relasyon sa kapwa-tao. |

○Hyogo Prefectural Itami Kita Senior High School

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian<br>( Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran sa Pagpasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| ①Ang mga mag-aaral na marunong na mag-aral, mag-isip at kumilos sa sarili, nagsasarili at may kadakilaan ay huhubugin.<br>②Ang mga mag-aaral na mag-iisip nang mabuti ng kanilang sarili, magpapaunlad ng kanilang katangian at magtatangkang tuparin ang kanilang pangarap at hangad nang habambuhay ay huhubugin.<br>③Ang mga mag-aaral na marunong na maawa sa iba, mag-aral habang nakikipagtulungan sa iba't ibang tao at may mataas na kakayahan ng pagpapahayag at pakikipag-usap ay huhubugin.<br>④Ang mga mag-aaral na marunong kumilos nang masigla upang lutasin ang suliranin at makilahok at makatulong sa pagtatatag ng lipunan ay huhubugin.<br>⑤Ang mga mag-aaral na marunong umunawa ng iba't ibang kahalagahan at humarap sa daigdig base sa pandaigdigang pananaw ay huhubugin. | ①Sa pamamagitan ng iba't ibang napipiling asignatura base sa malasakit at landas sa hinaharap ng bawa't mag-aaral, isasagawa ang pag-aaral na walang limitasyon ng humanities man o science upang matutunan ang totoong kakayahang akademiko.<br>②Sa pamamagitan ng "Lipunan ng Industriya at Tao", "Integrated Research" at "Theme Research", ang mga mag-aaral ay mag-iisip nang mabuti ng pagkakaroon at pamumuhay ng kanilang sarili at ihahanda ang pag-aaral upang matutunan ang kakayahan ng pagpapahiwatig, pagpapahayag at pakikipag-usap.<br>③Ang humigit-kumulang na mas mahigit sa 70% ng mga klase ay isasagawa base sa kung gaano karunong ang mga mag-aaral o sa klase kung saan ang kaunting mag-aaral lang ang sabay nag-aaral upang paunlarin ang matatag na kakayahan ng pag-aaral mula sa basic hanggang sa advance at pataasin ang kakayahan ng sarili. Isasagawa rin ang maingat na patnubay ukol sa landas sa hinaharap.<br>④Isasagawa ang aktibidad ng kapaki-pakinabang pagsisiyasat para sa paglutas ng suliranin sa lipunan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pamantasan at local na komunidad.<br>⑤Isasagawa ang paglalakbay ng paaralan sa ibang bansa, masinsinang pag-aaral ng wika at international exchange sa pagitan ng paaralang ito at sister school sa ibang bansa. | ①Naghahanap kami ng mga mag aaral na handang mag isip para sa kanilang sarili at pagtagumpayan ang kanilang walang muwang.<br>②Naghahanap kami ng mga mag aaral na handang umunlad at mag aral kasama ang kanilang kapwa mag aaral upang matupad ang kanilang pangarap at mithiin.<br>③Naghahanap kami ng mga mag aaral na pinahahalagahan ang kanilang araw araw na buhay at palaging nagsusumikap na mamuhay ng isang bagong buhay sa hinaharap. |

○Hyogo Prefectural Kakogawa Minami Senior High School

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian<br>(Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran ng Pagpapasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpapasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| ①Pinapalakas namin ang mga mag-aaral na may mga prospect at pangarap sa hinaharap,at ang kakayahang mag-isip para matupad ang kanilang mga pangarap.<br>②Ang mga mag-aaral na marunong na maawa sa iba, tumanggap ng katangian ng isa't isa at tumanggap ng iba't ibang kahalagahan nang naibabagay sa mga pangyayari ay huhubugin.<br>③Nilalayon naming pasiglahin ang mga mag aaral na proactive at independiyenteng nakikibahagi sa iba`t ibang aktibidad at karanasan nang walang takot na mabigo at pinagbubuti ang isa`t isa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao at lipunan.<br>④Pinapalakas naming ang mga mag-aaral na may pasensya, na aktibong magpatuloy sa pagharap sa mga hamon upang makapasa sa iba`t ibang pagsusulit at makamit ang kanilang mga layunin.<br>⑤Layunin naming bumuo ng mga mag-aaral na malawak ang pagtingin sa lipunan,mag-isip ng mga solusyon sa mga problema sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga eksperto at lokal na tao,at mag ambag sa lokal na komunidad. | ①Ipatutupad ang pinakawastong pag-aaral sa isa't isa sa pamamagitan ng pagpapayaman ng napipiling mga asignatura base sa malasakit at ninanais na landas sa hinaharap ng mga mag-aaral.<br>②Ipatutupad ang maingat na pag-aaral sa pamamagitan ng mga klase kung saan ang kaunting mag-aaral lang ang sabay nag-aaral o seminar class.<br>③Sa pamamagitan ng paggamit ng makinang ICT, magsasagawa kami ng mga klase na magpapahusay sa independiyenteng pag-aaral at motibasyon na matuto.<br>④Sa pamamagitan ng klase kung saan nagtuturo ang mga dalubhasang katao galing sa labas ng paaralang ito tulad ng pamantasan, pauunlarin ang dalubhasang kaalaman at karunungan.<br>⑤Sa pamamagitan ng mga mga di-karaniwang klase sa Komprehensibong Kurso tulad ng "Lipunan ng Industriya at Tao", "Integrated Research" at "Theme Research", ang mga mag-aaral ay maghahanap ng pangkat galing sa mga kategorya tulad ng "SDGs", "paglikha ng lokal na komunidad" at "pag-iwas ng kapahamakan" at masigasig na mag-aaral gamit din ang kaalaman ng mga dalubhasang katao at kasama ang mga naninirahan sa lokal na komunidad. | ①Naghahanap kami ng mga mag-aaral na may motibasyon at saloobin na patuloy na ituloy ang kanilang mga pangarap at layunin..<br>②Ang mga mag-aaral na makakatulong sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng paglutas ng suliranin base sa karanasan at magpapaunlad ng kanilang sarili ay kakalapin.<br>③Naghahanap kami ng mga mag-aaral na magpapahusay sa kanilang mga kasanayan sa komunikasyon at magsagawa ng inisyatiba. |

○Hyogo Prefectural Kodera Senior High School

| Graduation Policy<br>Patakaran tungkol sa mga Katangian<br>(Kakayahan na nilalayon na Paunlarin) | Curriculum Policy<br>Patakaran ng Kurikulum<br>(Patakaran ukol sa Paggawa at Pagpapatupad ng Kurikulum) | Admission Policy<br>Patakaran ng Pagpasok<br>(Patakaran ukol sa Pagpasok ng mga Mag-aaral) |
|---|---|---|
| ①Ang mga mag-aaral na marunong na magsagawa at kumilos sa sarili, kusang-loob at malaya para sa pagpapaunlad ng katangian ng sarili at pagpapatupad ng pangarap ay huhubugin.<br>②Ang mga mag-aaral na matututo ng saligan at malikhaing mag-aaral na magtatangkang gawin ang iba't ibang bagay ay huhubugin.<br>③Ang mga mag-aaral na marunong na magpahalaga sa pananagutan ng sarili at magpatupad ng tungkulin habang nagtitiwala at gumagalang sa isa't isa ay huhubugin.<br>④Ang mga mag-aaral na nagmamahal sa lokal na komunidad at makakatulong sa paglutas ng suliranin sa lokal na komunidad at sa pagpapaunlad ng lokal na komunidad ay huhubugin. | ①Pauunlarin ang kakayahan ng career planning base sa pag-uunawa sa sarili sa pamamagitan ng "Lipunan ng Industriya at Tao" bilang saligang asignatura ng komprehensibong kurso para sa pag-aaral.<br>②Sa pamamagitan ng "Research Activity", huhubugin ang gana at kakayahan upang hanapin at lutasin ang suliranin habang nakikipagtulungan sa mga kapwa mag-aaral at mga naninirahan sa lokal na komunidad.<br>③Ipatutupad ang nagsasariling pag-aaral sa pamamagitan ng pagpili sa sarili galing sa iba't ibang napipiling mga asignatura base sa malasakit ng bawa't mag-aaral.<br>④Tutulungan ang mga mag-aaral para sa pagpapaunlad ng katangian at hangad ng bawa't mag-aaral sa pamamagitan ng mabisang patnubay.<br>⑤Pauunlarin ang dalubhasang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ibang mga institusyong pang-edukasyon tulad ng pamantasan at lokal na komunidad. | ①Ang mga mag-aaral na naakit ng katangian ng paaralang ito sa ilalim ng komprehensibong kurso at nagnanais na mag-aral sa sarili sa pamamagitan ng sistemang ito ay kakalapin.<br>②Naghahanap kami ng mgamag-aaral na nagpupursige at nagsisikap tungo sa pagsasakatuparan ng kanilang pangarap at layunin..<br>③Naghahanap kami ng mga mag-aaral na igagalang ang indibidwalidad ng bawat indibidwal,pahalagahan ang bawat isa at maaaring makipagtulungan. |